# CARD Bank Pinalalakas ang Edukasyon sa Pananalapi, Kalusugan, at Nutrisyon ng mga Pamilyang Pilipino

See page 3...




Patuloy na isinusulong ng CARD Bank ang mga programang nagalayong mapabuti ang kabuhayan at kalidad ng buhay ng mga pamilyang Pilipino sa pamamagitan ng mga serbisyong higit pa sa pagbibigay ng puhunan.

Sa ilalim ng Credit with Education Program, binibigyan ng pagkakataon ang mga kliyente na magkaroon ng mas malawak na kaalaman sa wastong pamamahala ng pananalapi. Layunin ng programa na tulungan silang makapagplano nang maayos ng kanilang kita at gastusin upang maging mas matatag ang kanilang kabuhayan.

Bukod sa financial education, binibigyang-diin din ng programa ang kahalagahan ng pagpapanatili ng mabuting kalusugan at wastong nutrisyon ng bawat miyembro ng pamilya. Tinuturuan ang mga kalahok ng mga praktikal na paraan upang mapangalagaan ang kanilang kalusugan at matiyak na may sapat at masustansyang pagkain sa kanilang tahanan. Ayon sa CARD Bank, ang Credit with Education Program ay bahagi ng patuloy nitong misyon

PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
VOL. 25 NO. 24 AUGUST 3 - 9, 2026 P15.00

Prime Alliance of Publishers, Editors, and Reporters (Ph) Inc.
PAPERPh
Est 2019

# Groundbreaking ng Bagong 3-Storey School Building, Isinagawa sa Silang

See page 3...




SILANG, Cavite — Patuloy na pinalalakas ng Pamahalaang Bayan ng Silang ang sektor ng edukasyon sa pamamagitan ng pagsasagawa ng groundbreaking ceremony para sa itatayong 3-storey, 6-classroom building na may kasamang site development improvement sa Emilia Ambalada Poblete Integrated High School noong Hulyo 29, 2026.


Pinangunahan ang programa sa ilalim ng administrasyon ni Mayor Ted Carranza bilang bahagi ng patuloy na pagsisikap ng lokal na pamahalaan na madagdagan ang mga pasilidad pang-edukasyon at matugunan ang lumalaking bilang ng mga mag-aaral sa bayan. Nakiisa rin sa seremonya sina Board Members Ivee Reyes at Aidel Paul Belamide, gayundin sina Konsehal Carlo Madlansacay at Konsehal Ari Velazco.

Ayon sa lokal na pamahalaan, ang proyekto ay bahagi ng patuloy na pagpapalawak at pagpapabuti ng mga impra-

# CALAX Earns Three GREEN Awards for Environmental Sustainability

See page 7...

MPCALA Holdings Inc. (MPHI), a subsidiary of Metro Pacific Tollways Corporation (MPTC) and the concessionaire of the Cavite-Laguna Expressway (CALAX), has been recognized by the City Government of Santa Rosa, Laguna, for its unwavering commitment to environmental sustainability. This marks the fourth consecutive year the company has been honored by the local government.





The Guarantee the Restoration of the Environment & our Ecological Niche (GREEN) Awards is the city's annual recognition program that honors organizations, institutions, and individuals for their significant contributions to environmental protection and sustainability.

This year, CALAX received three major awards in recognition of its green initiatives:

Sustainable Development Partner: Recognizing MPCALA's contributions to environmental sustainability through its active participation in various coastal clean-up initiatives that help preserve ecosystems, reduce pollution in Laguna Lake, and support climate change mitigation efforts.

Renewable Energy and Energy Efficiency Partner: Awarded for the company's excellence in reducing energy consumption, promoting renewable energy solutions, and implementing energy efficiency initiatives across its offices, toll plazas, and facilities.

Earth Hour Advocate: Presented for the company's active participation in the annual global Earth Hour movement and its continued efforts to promote energy conservation and environmental awareness.

The awards were presented by the City Government of Santa Rosa

# Cavite City, Inner Wheel Club Nagkaisa para sa Kalusugan ng Kababaihan, Kabuhayan ng Mangingisda at Pangangalaga sa Kalikasan

CAVITE CITY — Nagkaisa ang City Government of Cavite, sa pangunguna nina Mayor Denver Chua at Vice Mayor Raleigh Rusit, at ang Inner Wheel Club Manila Bay-EDSA District 381 sa pagsasagawa ng isang multi-sectoral outreach program na naghatid ng mga serbisyong pangkalusugan, tulong pangkabuhayan, at mga gawaing pangkalikasan para sa mga residente ng Barangay 14.




Bilang bahagi ng programa, nagsagawa ng seminar para sa mga kababaihan tungkol sa kanilang mga karapatan sa ilalim ng Violence Against Women and Their Children (VAWC) Act at mga hakbang upang maprotektahan ang kanilang sarili laban sa pang-aabuso. Naglaan din ang Inner Wheel Club ng grant para sa ultrasonologist service ng Cavite City MedCare, na magbibigay ng mas maayos at abot-kayang serbisyong pangkalusugan para sa mga kababaihan ng lungsod.

Nagkaloob din ang City Government at ang Inner Wheel Club ng solar-powered headlights sa mga mangingisda ng Barangay 14 upang makatulong sa kanilang kabuhayan at mapabuti ang kanilang kaligtasan habang nangingisda sa gabi.

Ka-

See page 3...

# ARANGKADA PROGRAM PROVIDES FINANCIAL AID TO ROSARIO DRIVERS

PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
VOL. 25 NO. 24 AUGUST 3 - 9, 2026 P15.00



ROSARIO, Cavite — Drivers in the Municipality of Rosario received financial assistance through the Provincial Government of Cavite's (PGC) Arangkada Program, reaffirming the provincial government's commitment to supporting the transportation sector and helping public utility drivers cope with their daily expenses.

Governor Abeng Remulla led the distribution of financial subsidies alongside Congressman Jolo Revilla and First District Board Members Jygs Gandia and Rommel Enriquez. The initiative aims to provide much-needed assistance to hardworking drivers while recognizing their

See page 7...

# Cayetano inusisa kung paano sinusuri ng mga bangko ang malalaking gov't withdrawal

Inusisa ni Senator-Judge Alan Peter Cayetano ang pagkakaiba ng pagsusuri ng mga bangko kung kahina-hinala ang malalaking withdrawal ng mga pribadong customer at ng mga ahensya ng gobyerno sa impeachment trial nitong Miyerkules, July 29, 2026.

Kasunod ito ng pahayag ni dating LandBank Shaw Boulevard branch manager Violeta Constantino sa trial na "unusual" o 'di pangkaraniwan ang apat na P125-milyong tseke na in-encash ng staff ni Vice President Sara Duterte.

Sa pagtatanong ni Cayetano, sinabi ni Constantino na hindi siya pamilyar sa mga detalye ng confidential funds at discretionary funds ng mga ahensya ng gobyerno.

Binigyang diin ng senator-judge na pagdating sa mga pribadong customer ay kaya ng mga tagapamahala ng mga bangko na suriin kung "unusual" ang transaksyon base sa profile ng customer sa ilalim ng "know your customer" na polisiya ng mga ito.



"Suddenly, magwi-withdraw ng P3 million. Minsan, nagtatanong, 'di ba?...Ganoon din sa deposit," pahayag ni Cayetano.

Pero sa mga transaksyon naman ng gobyerno, mapapansin lang aniya ng bangko ang "unusual" na halaga pero hindi masusuri kung kahina-hinala dahil sa limitadong kaalaman ng mga bangko patungkol sa discretionary funds na mayroon ang bawat ahensya ng gobyerno.

See page 7...

# Bagong Saint Ignatius of Loyola Chapel, Pormal nang Binuksan sa Anyana Subdivision

See page 7...



TANZA, Cavite (Hulyo 31, 2026) — Pormal na binuksan ang Saint Ignatius of Loyola Chapel sa Anyana Subdivision sa pamamagitan ng Church Blessing at Unang Misa na isinagawa ngayong umaga. Ang makasaysayang seremonya ay pinangunahan ni Most Rev. Reynaldo G. Evangelista, D.D., bilang hudyat ng pagsisimula ng paglilingkod ng bagong sambahan sa komunidad.

Dinaluhan ang okasyon nina Mayor Archangelo "SM" Matro, Mayor Luis "Jon-Jon" Ferrer IV, Vice Mayor Jonas Labuguen, Konsehal Alexis Dones, Mrs. Felicitas Ong, at Angel Langit, kasama ang mga residente at debo-

# Mula noon hanggang sa kasalukuyan: Ang Pamilyang ALTO sa SAN DIONISIO

See page 7...

Ang Bagong Bayan sa Dasmariñas, Cavite ay isa sa mga unang resettlement area sa lalawigan na naging simbolo ng pag-asa at bagong simula para sa maraming pamilyang inilipat mula sa iba't ibang bahagi ng Metro Manila. Noong 1974, dumating ang unang sampung pamilya mula sa Tambo, Parañaque upang manirahan sa lugar na noo'y halos walang maayos na imprastraktura at pangunahing serbisyo. Kabilang sa mga pamilyang ito ang pamilya ni G. Diosdado Alto Sr., na naging bahagi ng pundasyon ng komunidad na ngayon ay kilala bilang Barangay San Dionisio.

Sa mga unang taon ng paninirahan, hinirang si G. Diosdado Alto Sr. bilang Chairman ng lugar na noon ay tinatawag na CDC 1. Sa panahong iyon, hindi pa uso ang pagbibigay ng honorarium o anumang kabayaran sa mga pinuno ng komunidad. Gayunpaman, buong puso niyang tinanggap ang responsibilidad at nagsilbi nang may katapatan, dedikasyon, at malasakit sa kanyang mga kababayan.


DIOSDADO ARIEL F. ALTO JR.

Hindi niya inisip ang sariling kapakanan, bagkus ay inilaan ang kanyang oras at lakas upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga residente at maitayo ang isang maayos at mapayapang pamayanan.

Dahil sa kanyang tapat na paglilingkod, naging kilala at iginagalang ang pangalang Alto sa CDC 1, na kalaunan ay

# Indang Tumanggap ng Bagong Rescue Vehicle sa ilalim ng SGLG Incentive Fund

See page 6...

# Bago Mag-share,Mag-isip Muna



**K-ABI-tenyo Ahuy!**
by. Abigail C. Gomez

Ilang buwan na nating naririnig ang mga balita ng karahasan sa mga paaralan. At aba, hindi ligtas ang Cavite rito! Nitong nakaraang linggo lang, tatlong paaralan sa ating probinsya, isa sa Dasmariñas, kung saan nagkaroon ng diumanong insidente ng karahasan, at dalawa sa Imus, ang nakatanggap ng matinding banta sa pamamagitan ng anonymous posts. Ang babala sa mga estudyante: huwag nang pumasok kung ayaw nilang madamay sa karahasang plano raw nilang gawin. Maaaring marami tayong tanong sa ngayon. Pero habang naghihintay tayo ng sagot, may isang katotohanang dapat nating harapin: marami sa atin, mga Kabitenyo man o hindi, ay kulang sa media literacy. Ibig sabihin, hindi natin alam kung paano suriin ang mga impormasyong nakikita natin online. Scroll lang nang scroll. Share lang nang share. Reak agad. Ang isang hindi pa nabe-verify na post ay kumakalat na mula sa chat group papuntang public forum, mula sa tsismis, nagiging "balita" na. Hindi natin tinitingnan kung saan nanggaling ang impormasyon. Pinapairal natin ang algorithm, hindi ang ating sariling pag-iisip.

At ito ang nagiging delikado, mga ka-Ahuy! Mas mabilis kumalat ang takot kaysa sa katotohanan. Ang isang walang basehang banta ay nagiging dahilan ng pagkalito at pangamba ng buong komunidad. Abaw, nakakatakot isipin na ang ating pag-share ng hindi pa kumpirmado ay nagdudulot ng hindi kinakailangang kaguluhan.

Bilang isang komunidad, kontrolado pa natin ang ating reaksyon. Kapag nag-share tayo ng hindi pa kumpirmadong banta, hindi tayo nag-iingat. Sa halip, nakikipagsabwatan tayo. Binibigyan natin ang nag-post ng eksaktong gusto nila: atensyon, takot, at kapangyarihan. Kaya bago pindutin ang "share," huminto muna, mga kabayan. Tanungin ang sarili: Kumpirmado ba ito? Makakatulong ba ang pag-share ko o lalo lang magpapalaganap ng takot? Minsan, ang pinaka-responsableng gawin ay ang manahimik na lang at maghintay ng opisyal na pahayag. Tahimik na pag-iingat, 'di ba?

Ngunit hindi lang tayo bilang indibidwal ang may pananagutan. May malaking papel din ang ating mga paaralan. Sila ang pangalawang tahanan ng ating mga anak. Narito ang ilang hakbang na maaari nilang gawin para sa kaligtasan ng mga bata:

1. Magtatag ng malinaw na safety protocol at regular na drills upang maging handa ang lahat sa emergency.

2. Palakasin ang guidance offices dahil maraming insidente ng karahasan ang nagsisimula sa mga batang hindi napapansin o napakikinggan.

3. Magbigay ng anonymous reporting o feedback system para makapagsumbong ang mga estudyante nang walang takot.

4. Limitahan ang paggamit ng social media sa loob ng paaralan upang mabawasan ang exposure sa harmful content.

5. Makipagtulungan sa barangay at pulisya para sa mas malawak na monitoring at mabilis na response.

6. At higit sa lahat, turuan ang mga estudyante ng media literacy. Ito ang pinakamalakas na sandata laban sa maling impormasyon. Dapat itong maging bahagi ng pag-aaral, hindi lamang isang usapan. Kailangang matuto ang kabataan na magtanong, mag-verify, at magnilay bago mag-react, maniwala, at tumugon sa mga nakikita at nakakasalamuha nila online.

Hindi lahat ng banta ay mapipigilan. Pero ang paghahanda at ang pagkilos nang may pananagutan ay malaking hakbang tungo sa kaligtasan ng ating mga kabataan. Ang bawat bata na pumapasok sa eskwela ay may pangarap, at tungkulin nating lahat, na pangalagaan ang mga pangarap na iyon. 'Yan ang tunay na pagmamahal sa bayan, mga ka-Ahuy!

Patuloy na darating ang balita. Posibleng hindi tumigil ang mga banta. Pero ang paraan ng ating pagtugon, bilang paaralan, bilang magulang, at bilang komunidad, ay nasa atin lahat. Ang pagiging mapanuri at responsable sa paggamit ng social media ay hindi lamang proteksyon. Ito ay isang pamana na dapat nating ipasa sa susunod na henerasyon. Dahil taga-rito tayo, alam nating mas matatag ang Caviteño. Kaya sama-sama tayong kumilos, hindi sa takot, kundi sa tamang kaalaman at pananagutan. Ahuy, kaya natin ito!

FamilyMart

# Myths vs Facts: BCDA Allays Fears on Controversial Pax Silica PProject

The Pax Silica project has been one of the most talked-about topics in recent weeks, with the government describing it as a long-term investment that will spur economic expansion.

However, civil society groups have been protesting the establishment of the 1,619-hectare (4,000-acre) economic security zone under the Luzon Economic Corridor, arguing that the US-initiated project could intensify land grabbing, resource extraction, and militarization in rural areas.

At a Palace briefing on Thursday, Bases Conversion and Development Authority (BCDA) President and Chief Executive Officer Joshua Bingcang debunked circulating claims about the project's alleged adverse effects. The BCDA is the lead government agency overseeing the project.

Contrary to claims circulating online, Bingcang said the Pax Silica project will not rely on community water supplies for its operations. Instead, its water requirements will be met through rainwater harvesting, storage, treatment, and recycling systems.

"It means that, especially now that we're entering the rainy season, a huge volume of rainwater falls into that area. If it's left untapped, it will simply flow back into the sea," he explained.

Based on initial estimates, the project is expected to consume around 65 million to 90 million liters of water per day. Bingcang said the project's initial design provides a capacity of up to 120 million liters per day.

"There is enough water that can be sourced from there. This is not groundwater extraction. Instead, it's the technology we want to propose. And if we have a surplus, we can share it with the communities as well," he further said.

One of the main concerns raised by groups opposing the project is the possible displacement of Indigenous Peoples.

"As you know, the Clark Freeport and Special Economic Zone covers more than 30,000 hectares. Of that, we have already allocated more than 15,000 hectares to our Indigenous Peoples group," he said.

Bingcang added that the project site is public land owned by the BCDA.

"This area had already been earmarked for industrial development when the BCDA Law was being drafted in 1992. It was classified as such to help drive development in Central Luzon, especially after the eruption of Mount Pinatubo, when many people lost their jobs due to the displacement caused by the disaster," he said. Bingcang also denied claims that mining activities would take place under the Pax Silica project, saying the initiative aims to transform critical minerals into higher-value products rather than extract them.

"Some are saying there will be mining there, but that's not true. We will not allow that. What will happen is that we are rich in natural resources, so these can be processed at their source.

The processed components will then be brought to Clark, specifically to Pax Silica, where they will be further processed, developed, and exported. Alternatively, the components or critical minerals needed for our AI hub project may also come from our member countries," he said.

When it comes to environmental effects, the BCDA chief said the project will comply with the Environmental Compliance Certificate.

He said all investments in the project remain subject to Philippine law, regulations, and government oversight. The Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), in a statement over the weekend, described the project as a "massive sellout" of the country's land, minerals, and sovereignty.

"To be honest, this is war production disguised as 'so-called development.' The government is opening our mountains and ancestral lands to more destructive mining and industries that serve foreigners rather than the Filipino people," it said. It said that the project will integrate the country into supply chains led by the United States for critical minerals and advanced electronics.

The KMP also pointed to environmental issues linked to former US military installations in Subic and Clark, where communities were exposed to soil and groundwater contamination. Group Pangasinan People's Strike for Environment, for its part, said youth environmental advocates from five towns visited communities and schools in San Jacinto

Town to conduct a petition-signing campaign against Pax Silica and other environmentally destructive projects in Pangasinan and across the Central Luzon plains.

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
PAPERPh MEMBER

An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Manila under Permit

N0 200305 on May 27, 2003

**ERNA BALAGTAS ANCHETA**
Publisher

**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief
**DIOSAN MARUAL**
**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager

**ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ**
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |




# Cayetano inusisa...

"'Pag government, as long as you're dealing with the people you identified with, basta't everything is in order, magtataka lang kapag sobrang laki ng amount, but then you'll release it," aniya.

Matapos ang paliwanag, tinanong ni Cayetano si Constantino kung ilegal ba agad na maituturing ang transaksyon ng isang ahensya dahil sa "unusual" ang halaga kumpara sa mga regular na transaksyon.

"Just because it's unusual, it doesn't mean it's illegal. Tama po ba?" Cayetano asked. Tugon ni Constantino, "wala naman pong illegal" sa pag-encash ng mga tseke ng tanggapan ni Duterte.

Nilinaw din ni Cayetano na magkaiba ang "usual" at "unusual" sa "covered" at "suspicious" transactions, na may mga legal na implikasyon.

Sa ilalim ng Anti-Money Laundering Act, "covered" ang isang cash o monetary transaction kapag lampas ito sa P500,000 sa loob ng isang banking day. "Suspicious transaction" naman ang transaksyong walang malinaw na ekonomikong dahilan, taliwas sa profile ng customer, o may kaugnayan sa ilegal na gawain.

"As we go along, let's help the public understand what's the difference between 'covered,' 'suspicious,' and 'usual' or 'unusual,' para lang walang conclusions that are made that are prejudicial to either the prosecution or the defense," pahayag ni Cayetano.

# Bagong Saint...

to na nakiisa sa pagdiriwang ng pagbubukas ng kapilya.

Ayon sa mga dumalo, ang pagtatatag ng Saint Ignatius of Loyola Chapel ay hindi lamang nagdaragdag ng isang lugar ng pagsamba, kundi nagsisilbi ring sentro ng espirituwal na paghubog, pagkakaisa, at pagpapalakas ng pananampalataya ng mga Tanzeño.

Inaasahang magiging mahalagang bahagi ng komunidad ang bagong kapilya sa pagdaraos ng mga gawaing panrelihiyon at pangkomunidad, na magsusulong ng mas matatag na pananampalataya at pagkakabuklod ng mamamayan ng Tanza.

# ARANGKADA PROGRAM...

vital role in keeping communities connected and local transportation services running efficiently.

The activity was also attended by Mayor Jose Voltaire Ricafrente, Vice Mayor Joanne Michelle Gonzales, and members of the Sangguniang Bayan, who expressed their support for programs that promote the welfare of transport workers in Rosario.

The Provincial Government of Cavite continues to implement the Arangkada Program in various municipalities across the province, extending financial assistance and reinforcing its commitment to improving the livelihood of drivers and strengthening the local transportation sector.

# CALAX Earns...

and received by representatives of MPCALA.

"We are deeply honored to receive this recognition from the City Government of Santa Rosa. These awards reflect our commitment to integrating sustainability into every aspect of our operations, from building greener infrastructure to adopting environmentally responsible practices. As we continue to expand CALAX, we remain dedicated to proving that infrastructure development and environmental stewardship can go hand in hand," said MPHI President and General Manager Andrew B. Pangilinan.

CALAX is a 44.6-kilometer expressway connecting the provinces of Cavite and Laguna. Once completed, it is expected to serve approximately 95,000 motorists daily. Currently, its operational segments span from Biñan, Laguna to General Trias, Cavite, significantly reducing travel time from an hour to just 26 minutes. Beyond improving mobility, CALAX also advances environmental sustainability by helping reduce fuel consumption and vehicle emissions through shorter travel times. Its green initiatives include the integration of solar power systems, rainwater harvesting facilities, and the progressive transition of its corporate fleet to electric vehicles (EVs), reinforcing the company's commitment to responsible and sustainable expressway operations.

# Mula noon hanggang sa kasalukuyan: Ang Pamilyang ALTO sa SAN DIONISIO



naging Barangay San Dionisio. Hanggang sa kasalukuyan, nananatiling buhay ang alaala ng kanyang kabutihan at sakripisyo sa puso ng mga residente. Ang kanyang halimbawa ng walang pag-iimbot na serbisyo ang naging inspirasyon ng kanyang anak na si Diosdado "Ariel" Alto Jr., na nagpatuloy sa adhikaing maglingkod sa komunidad.

Nagsimula ang panunungkulan ni Kagawad Ariel Alto noong 2007 nang mahalal siya bilang 2nd Kagawad ng Barangay San Dionisio para sa terminong 2007–2010. Dahil sa tiwala ng mga mamamayan, muli siyang nahalal bilang 1st Kagawad noong 2010–2013. Sa kanyang panunungkulan, naging aktibo siya sa iba't ibang programang pangkomunidad at patuloy na isinulong ang kapakanan ng kanyang mga kabarangay.

Subalit hindi naging madali ang kanyang paglalakbay sa serbisyo publiko. Dumaan siya sa isang matinding pagsubok nang siya ay ma-stroke, na nagdulot ng pansamantalang paghinto sa kanyang aktibong paglilingkod. Sa kabila ng kanyang kondisyon at pagiging isang Person with Disability (PWD), hindi niya hinayaang maging hadlang ang kanyang karamdaman upang ipagpatuloy ang kanyang misyon na maglingkod. Sa halip, nagsilbi itong inspirasyon upang lalo niyang pag-ibayuhin ang kanyang determinasyon.

Noong 2023, muling ipinagkatiwala ng mga residente kay Kagawad Ariel ang kanilang suporta at ibinoto siyang muli bilang kagawad ng Barangay San Donisio. Hanggang sa kasalukuyan, masigasig niyang ginagampanan ang kanyang mga tungkulin sa barangay. Sa kabila ng kanyang kapansanan, patuloy siyang dumadalo sa mga pagpupulong, tumutugon sa mga pangangailangan ng mga residente, at nagsisilbi nang may buong puso.

Kilala rin si Kagawad Ariel sa kanyang kabutihang-loob at pagiging matulungin. Ayon sa maraming residente ng San Dionisio, maging ang mga biyayang inilaan para sa kanyang sariling pamilya ay madalas niyang ibinabahagi sa mga higit na nangangailangan.

# GUHIT NG KAPALARAN

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) – Meron good news sa iyong facebook. Darating mula sa ibang bansa ang ka-chat mo para makipag-eyeball. Ang haba ng hair! Kilalanin siya ng mabuti bago pumasok sa commitment. Lucky number at color for the day ang 23, 31, 13, 47 at cobalt blue.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) – Parang nakasakay sa roller coaster ang mararanasan. May ayuda ka mula sa ibang bansa. Lucky number at color for the day ang 23, 12, 43, 54 at rose red.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) – Ang iyong Libra charm at good will ang magbubukas ng opportunities para sa pagyaman. Lucky number at color for the day ang 13, 21, 45, 41 at apple red.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) – Progressive ang araw na ito. Mag-ingat sa matatalas na tukso. Maging alerto at maagap. Lucky number at color for the day ang 11, 27, 35, 53 at blue.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) – Masaya ang araw at magkakaroon ng kasunduan na magbibigay ng surprise pleasure sa'yo. Lucky number at color for the day ang 17, 25, 39, 56 at caramel brown.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) – Bad mood ang iyong boss, kaya huwag siyang patulan. Magtatagumpay kung kikilos agad. Lucky number at color for the day ang 13, 25, 38, 42 at ivory white.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) – Haharap ka sa mga dalamhati ng tao. Gawin ang dapat para matugunan ang mga damdamin. Lucky number at color for the day ang 14, 19, 27, 35 at gold yellow.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) – Mararanasan mo rin ang mabuti sa lahat ng nagawa. Maging matuwid sa sarili at sa kapwa. Lucky number at color for the day ang 14, 22, 28, 43 at cerise red.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) – Mararanasan mo ang katuparan ng pangarap. Patuloy ang iyong biyaya, kung iiwas sa gulo. Lucky number at color for the day ang 51, 13, 28, 39 at maroon.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) – Patuloy na magtiyaga para ma-achieve ang success sa project. Mag-relax din kapag may time. Lucky number at color for the day ang 42, 19, 13, 35 at peach.

GEMINI: (May.21-Hun. 21) – Inspired ka sa iyong kutob, marami ang magtitiwala sa iyong ideas. Lucky number at color for the day ang 11, 16, 45, 23 at carnation pink.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) – Ang abilidad sa sales talk ang pairalin, dahil magiging tulay ito para magkaroon ng extra earnings. Lucky number at color for the day ang 14, 19, 23, 53 at tangerine.

PhilHealth
Your Partner in Health

# Indang Tumanggap ng Bagong Rescue Vehicle sa ilalim ng SGLG Incentive Fund




INDANG, Cavite — Mas pinalakas pa ng Pamahalaang Bayan ng Indang ang kahandaan nito sa pagtugon sa mga sakuna at iba pang emergency matapos ang pormal na inagurasyon at turnover ng Seal of Good Local Governance (SGLG) CY 2024 Incentive Fund Rescue Vehicle noong Hulyo 30, 2026.

Pinangunahan ni DILG Region IV-A Regional Director Ariel O. Iglesia ang turnover ceremony, kasama si DILG Cavite Cluster Head Joseph Ryan Geronimo, na siyang pormal na nagkaloob ng rescue vehicle sa lokal na pamahalaan. Tinanggap naman ito ni Mayor Virgilio F. Fidel bilang simbolo ng patuloy na pagkilala sa mahusay na pamamahala at dedikasyon ng bayan sa pagbibigay ng episyente at de-kalidad na serbisyo publiko.

Nakiisa rin sa makasaysayang okasyon sina DILG Indang Municipal Local Government Operations Officer (MLGOO) Anne Kimberly P.

Babaan, Project Development Monitoring Unit Engineer Eldrin Tirona, at Indang Municipal Disaster Risk Reduction and Management Officer (MDRRMO) Rommel Pinpin. Ang bagong rescue vehicle ay ipinagkaloob bilang bahagi ng insentibong natanggap ng Indang matapos nitong makamit ang Seal of Good Local Governance (SGLG), isang prestihiyosong pagkilala sa mga lokal na pamahalaang nagpapatupad ng mahusay, tapat, at epektibong pamamahala.

Inaasahang higit nitong mapapabilis ang pagtugon sa mga sakuna, kalamidad, at iba pang emergency, habang patuloy na pinangangalagaan ang kaligtasan at kapakanan ng mga mamamayan ng Indang.

## Groundbreaking...

straktura sa edukasyon upang makapagbigay ng mas maayos at episyenteng kapaligiran sa pagkatuto. Inaasahang makatutulong ang bagong gusali sa pagbawas ng kakulangan sa mga silid-aralan at sa pagpapahusay ng kalidad ng edukasyon sa Silang. Sa oras na makumpleto, ang bagong gusali ay magbibigay ng mas ligtas, komportable, at angkop na learning environment para sa mga mag-aaral, kasabay ng patuloy na layunin ng Pamahalaang Bayan ng Silang na mamuhunan sa edukasyon bilang pundasyon ng pag-unlad ng komunidad.

## CARD Bank...

na bigyang-kakayahan ang mga Pilipino sa pamamagitan ng kaalaman at tamang paggabay. Sa pagsasama ng edukasyon, kalusugan, at pananalapi, inaasahan ng institusyon na mas maraming pamilya ang magkakaroon ng mas maunlad, matatag, at mas magandang kinabukasan.

# Libreng Pustiso, Ipinagkaloob sa mga Naicqueño sa Free Pustiso Project



NAIC, Cavite — Muling naghatid ng ngiti at serbisyong pangkalusugan sa mga residente ng Naic ang Free Pustiso Project ni Congresswoman Aniela Tolentino na isinagawa noong Miyerkules, Hulyo 29, 2026, sa Triple 8, Barangay Sabang.

Layunin ng programa na matulungan ang mga Naicqueñong nangangailangan ng libreng pustiso upang mapabuti ang kanilang kalusugan sa bibig, maibalik ang kanilang kumpiyansa sa sarili, at mapahusay ang kanilang pang-araw-araw na pamumuhay.

Dumalo si Mayor Rommel Magbitang sa aktibidad upang personal na masaksihan ang maayos na pagpapatupad ng programa at makumusta ang mga benepisyaryong tumanggap ng libreng pustiso. Nagpasalamat din siya sa patuloy na paghahatid ng mga programang pangkalusugan para sa mga residente ng bayan.

Patuloy na isinusulong ng lokal na pamahalaan, sa pakikipagtulungan kay Congresswoman Aniela Tolentino, ang mga programang nagbibigay ng dekalidad at abot-kayang serbisyong medikal upang higit pang mapabuti ang kalusugan at kapakanan ng bawat Naicqueño.

**EXTRAJUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH WAIVER OF RIGHTS**

Notice is hereby given that the estate of the deceased **RUBEN PONCE BAUTISTA,** who died on November 23, 2024 at Binakayan Hospital and Medical Center Inc. 175 Coverlandia Road Brgy. Balsahan, Binakayan, Cavite, that she died intestate, without a will or testament and without any outstanding debts or accounts in favor of any person or entity, that the deceased left his heirs a parcel of lot with improvement located at Blk 10, Lot 8 Banaba St. Meadewood Executive Village, City of Bacoor, Cavite with TCT number T-1232706 transferred to TCT- 0016067 and a Motor Vehicle a Mazda which more particularly described as follows: (1) SITUATED IN THE BO. OF PANAPAAN, MUN. OF BACOOR, CAVITE WITH AN AREA OF ONE HUNDRED FIFTY SQM. (150) (2) MOTOR VEHICLE DESCRIBED AS FOLLOWS: (a) CR NO: 3675204-6 (b) MAKE: MAZDA (c) SERIES: 3 1.65 (d) BODY: SEDAN 4-DOOR (e) YEAR MODEL: 2004 (f) PLATE NO: X5Z349 (g) MV FILE: 1380-00000305550 (h) ENGINE: AT0390 (i) CHASIS NO: PE 38VSV141ZC00094, and was the subject of this Extrajudicial Settlement of Estate with Waiver of Rights among the legal heirs of the said deceased in the said instrument, executed before Notary Public Atty. Jerome G. Salazar, under Doc. No. 049., Page No. 11, Book No. XXXI, Series of 2026

**PAHAYAGAN NG KABITENYO**
**JULY 20, 27 & AUGUST 3, 2026**

**EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF SHARES OF STOCKS OF THE DECEASED MYRABEL PANALIGAN BELANDRES**

Notice is hereby given that the estate of the deceased **MYRABEL PANALIGAN BELANDRES,** who died on April 29, 2025 in Santa Rosa, Laguna, that the deceased died intestate, without a will or testament and without any outstanding debts or accounts in favor of any person or entity, that the deceased left a Shares of Stocks which is particularly described as follows (1) WORKPLACEWEALTH SOLUTIONS "(WWS) UBS FINANCIAL SERVICES INC.- Stock Symbol "ACN", with UBS Account No. W3 04387 11 , and was the subject of this Extra-Judicial Settlement of Shares of Stocks among the legal heirs of the said deceased in the said instrument, executed before Notary Public Atty. Jerome G. Salazar, under Doc. No.525., Page No.106, Book No.XXX, Series of 2026


**PAHAYAGAN NG KABITENYO**
**JULY 20, 27 & AUGUST 3, 2026**

**EXTRAJUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE DECEASED LARRY Q. DE LUNA**

Notice is hereby given that the estate of the deceased **LARRY Q. DE LUNA,** who died on March 7, 2026 while on board a vessel Nikolay Zubov, a Cyprus registered ship, that the deceased died intestate, without a will or testament and without any outstanding debts or accounts in favor of any person or entity, that the deceased left a parcel of land covered by TCT No. 167-2021006695, identified as lot 13 blk. 1 situated at Brgy. Bayanan, Bacoor, Cavite with an area of Fifty Five (55) sqm. With improvements thereon and was the subject of this Extrajudicial Settlement of Estate among the legal heirs of the said deceased in the said instrument, executed before Notary Public Atty. Jerome G. Salazar, under Doc. No.089., Page No.19, Book No.XXXI, Series of 2026

**PAHAYAGAN NG KABITENYO**
**JULY 20, 27 & AUGUST 3, 2026**






# HEALTH TIP OF THE WEEK

## Nilagang kamote ay napaka sustansya

**Patuloy na kinikilala ng mga eksperto sa kalusugan ang kamote bilang isa sa mga pinaka masustansya at abot-kayang pagkain na maaaring makatulong sa pagpapanatili ng mabuting kalusugan. Bukod sa pagiging mura at madaling mabili sa buong taon, taglay ng kamote ang mahahalagang bitamina at sustansya na kapaki-pakinabang sa puso, mata, tiyan, at pangkalahatang kalusugan ng katawan.**

**Mayaman ang kamote sa beta-carotene o provitamin A na mahalaga sa pagpapanatili ng malinaw na paningin at pagpapalakas ng resistensya. Nakakatulong din ito sa maayos na daloy ng dugo at sa pagpapanatili ng kalusugan ng puso at mga ugat. Dahil mababa ang glycemic index nito, ang kamote ay isa ring angkop na pagkain para sa mga taong may diabetes dahil hindi nito mabilis pinapataas ang antas ng asukal sa dugo.**

**Ayon sa mga pag-aaral, makatutulong din ang kamote sa pagpapapayat dahil mababa ito sa calories at nagbibigay ng mas matagal na pakiramdam ng pagkabusog. Taglay rin nito ang protease inhibitors na pinaniniwalaang may kakayahang makatulong sa pag-iwas sa ilang uri ng kanser. Bukod dito, naglalaman ang kamote ng iron at vitamin C na mahalaga sa pagpapalakas ng katawan at pagpapanatili ng mabuting kalusugan.**

**Kapaki-pakinabang din ang kamote sa kalusugan ng tiyan dahil sinusuportahan nito ang paglago ng mabubuting bakterya tulad ng Bifidobacterium at Lactobacillus, na tumutulong sa maayos na panunaw. Gayunman, pinapayuhan ang mga taong may kidney stones na kumain nito nang may pag-iingat dahil naglalaman ito ng calcium oxalate. Sa kabuuan, nananatiling isa ang kamote sa mga simpleng pagkain na maaaring maging bahagi ng balanseng diyeta para sa mas malusog na pamumuhay.**

# Editorial

## Progress Should Benefit the Nation, Not Burden Its People

Economic development is essential for the country's future, and the Philippines' participation in the Pax Silica initiative could bring investments, jobs, and opportunities in the growing artificial intelligence and semiconductor industries. As technology continues to shape the global economy, the country should welcome projects that can strengthen its competitiveness and improve the lives of its people.

However, development should never come at the expense of ordinary Filipinos. Concerns over the possible displacement of farming communities, the loss of agricultural land, environmental risks, and pressure on water resources must be addressed before any major project moves forward. Progress should benefit local communities, not leave them carrying its costs.

The government must ensure that every decision is transparent, lawful, and guided by the national interest. Communities affected by the project deserve to be consulted, protected, and fairly compensated, while Philippine sovereignty and environmental safeguards must remain non-negotiable.

Development is meaningful only when it puts Filipinos first. Investments and technological advancement are important, but they should go hand in hand with protecting people's livelihoods, preserving the environment, and securing a better future for every Filipino.

# 597 Residents Benefit from PGC Medical and Dental Mission in GMA




GENERAL MARIANO ALVAREZ, Cavite — Umabot sa 597 residente ng Barangay Memije ang nakinabang sa isinagawang Medical and Dental Mission ng Provincial Government of Cavite (PGC) sa pamamagitan ng Office of the Provincial Governor at Office of the Provincial Health Officer (OPHO), bilang bahagi ng patuloy nitong paghahatid ng serbisyong pangkalusugan sa mga komunidad. Sa isinagawang outreach activity, nakapagbigay ang PGC ng 425 medical consultations, 49 dental services, 100 Fasting Blood Sugar (FBS) tests, at 23 Electrocardiogram (ECG) examinations. Layunin ng programa na mapalapit ang mahahalagang serbisyong medikal sa mga mamamayan at maisulong ang pag-iwas sa sakit, maagang pagtuklas ng karamdaman, at pangkalahatang kalusugan ng komunidad. Naging matagumpay ang aktibidad sa tulong nina 5th District Board Members Ivee Jayne Reyes at Aidel Paul Belamide, kasama si Punong Barangay Laudimer R. Dela Cruz, gayundin ang mga Barangay Nutrition Scholars (BNS) at volunteer caregivers na tumulong sa maayos na pagsasagawa ng programa. Patuloy na isinusulong ng Provincial Government of Cavite ang pagbibigay ng dekalidad at madaling maabot na serbisyong pangkalusugan para sa bawat Caviteño, alinsunod sa layunin nitong mapalawak ang access sa healthcare at mapanatili ang kalusugan ng mga mamamayan sa buong lalawigan.




# Bagong Pamunuan ng Federation of the Deaf–Cavite Province, Nanumpa sa Tungkulin



TRECE MARTIRES CITY, Cavite — Pormal na nanumpa sa tungkulin ang mga bagong halal na opisyal ng Federation of the Deaf – Cavite Province, Inc., isang rehistradong disability organization sa Securities and Exchange Commission (SEC), sa isinagawang Oath-Taking Ceremony noong Hulyo 21, 2026, sa New Provincial Government Center.

Pinangunahan ng bagong halal na Pangulo na si Mark Kelvin Marcial ang hanay ng mga opisyal na nangakong ipagpapatuloy ang pagsusulong ng karapatan, kapakanan, at inklusibong partisipasyon ng Deaf community sa buong lalawigan ng Cavite.

Pinangunahan ni Governor Abeng Remulla ang panunumpa sa tungkulin, bilang pagpapakita ng patuloy na suporta ng Pamahalaang Panlalawigan sa mga programang nagtataguyod ng accessibility, empowerment, at pantay na oportunidad para sa mga persons with disabilities (PWDs). Dumalo rin sa seremonya si Ms. Marie Shiela Antenor, Head ng Office of the Provincial Persons with Disabilities Affairs Office (OPG-OPPDAO), na kinilala sa kanyang patuloy na adbokasiya at pakikipagtulungan sa pagpapalakas ng mga programang nagsusulong ng inklusibong pag-unlad at makabuluhang pakikilahok ng mga PWD sa komunidad. Naging mahalagang yugto ang oathtaking ceremony para sa samahan habang sinisimulan nito ang panibagong kabanata ng pamumuno. Inaasahang higit pang paiigtingin ng bagong pamunuan ang mga inisyatibang nakatuon sa pagtatanggol sa karapatan ng Deaf community at sa pagpapatupad ng mga programang nagsusulong ng pagkakapantay-pantay, accessibility, at pagbibigay-kapangyarihan sa bawat miyembro ng sektor.

## Cavite City, Inner...

sabay nito, nagsagawa rin ng pagtatanim ng 300 punong mangrove (Api-Api) sa baybayin ng barangay bilang bahagi ng programa sa pangangalaga sa kalikasan at pagpapalakas ng proteksyon laban sa storm surge at pagbaha. Sinundan ito ng coastal cleanup activity na nilahukan ng mga opisyal at boluntaryo upang mapanatiling malinis ang karagatan at baybayin ng komunidad. Nagpahayag ng pasasalamat ang City Government of Cavite sa Inner Wheel Club Manila Bay-EDSA District 381 sa patuloy nitong pakikipagtulungan sa mga programang nagtataguyod ng kapakanan ng mga Caviteño. Pinangunahan ang delegasyon ng organisasyon nina President Angeli Tuazon, Vice President Eveline Padilla, at Past President Betty Dante-Aw, kasama ang kanilang mga miyembro, sa pakikipag-ugnayan ni Project Coordinator Vinz O'Neill Abueg. Kinilala rin ang mahalagang ambag ng IWC Cavite City Chapter, mga opisyal ng Barangay 14, at ng Philippine Coast Guard sa matagumpay na pagsasagawa ng programa.

# Mahigit 7,000 Mag-aaral sa Bagong Buhay Elementary School, Nakatanggap ng P1,100 Uniform Allowance




SILANG, Cavite — Mahigit 7,000 mag-aaral ng Bagong Buhay Elementary School ang tumanggap ng P1,100 Uniform Allowance bilang bahagi ng patuloy na programa ng Pamahalaang Bayan ng Silang na naglalayong suportahan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa kanilang pagpasok sa paaralan.

Ayon sa lokal na pamahalaan, ang pamamahagi ng uniform allowance ay bahagi ng mga inisyatibang isinusulong sa ilalim ng pamumuno ni Mayor Ted Carranza upang mabawasan ang gastusin ng mga magulang at matiyak na may sapat na suporta ang mga kabataang Silangueño sa kanilang pag-aaral.

Nakiisa rin sa aktibidad sina Board Members Ivee Reyes at Aidel Paul Belamide, Konsehal Carlo Madlansacay, at Sangguniang Kabataan Federation (SKF) President Neil Buso bilang pagpapakita ng kanilang suporta sa mga programang pang-edukasyon ng bayan.

Patuloy na pinagtitibay ng Pamahalaang Bayan ng Silang ang mga programang nagbibigay ng tulong sa sektor ng edukasyon, bilang bahagi ng layunin nitong makapagbigay ng mas magandang oportunidad at dekalidad na kinabukasan para sa bawat kabataang Silangueño.

Grab Food

**Republic of the Philippines**
**Fourth Judicial Region**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**Branch 118**
**City of Bacoor, Cavite**
**2nd floor, Main Square Mall**
**Molino Boulevard, Bacoor City, Cavite**
*rtc1ber118@Judiciary.gov.ph/09159602868*

**RE: PETITION FOR CHANGE OF NAME OF RAMON VICENTE HERNANDEZ BAUTISTA TO "RAMON VICENTE BAUTISTA REVILLA"**

**RAM BAUTISTA REVILLA**
Petitioner,
-versus-
**THE CITY CIVIL REGISTRAR OF THE CITY OF BACOOR, AND THE STATE THROUGH THE OFFICE OF THE SOLICITOR GENERAL, AND THE OFFICE OF THE CITY PROSECUTOR OF BACOOR**
Respondents.

**SP. PROC. Case No. BSP-2026-03**
X—-----------------------------------------X

**SECOND ORDER**

On 20 February 2026, petitioner through counsel filed the instant Petition alleging, among others: (a) that he was born on 08 December 1998 at Makati Medical Center to Jesusa Victoria Garcia Hernandez and Jose Marie Mortel Bautista; (b) that his father, then known as Jose Marie Mortel Bautista, subsequently changed his name to Ramon Bong Revilla Jr., and his mother, then known as Jesusa Victoria Garcia Hernandez, likewise changed her name to Lani Mercado Revilla, pursuant to court decisions; (c) that he is publicly known as "Ram Bautista Revilla" or simply "Ram Revilla"; and (d) that the Petition was filed to avoid confusion as to his parentage and family identity by adopting the surname presently used by his father and siblings. Accordingly, petitioner prays that his middle name be changed from "Hernandez" to "Bautista" and his surname from "Bautista" to "Revilla."

Finding the Petition sufficient in form and substance, the same is hereby set for initial hearing on January 12, 2027 at 9:00 in the morning, at which date, time and place any interested person may appear and show cause why the Petition should not be granted.

Petitioner is directed to cause the PUBLICATION of this Order at his expense, once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the Province of Cavite, with the last publication to be made at least four (4) months before the scheduled hearing on January 12, 2027.

Let copies of this Order be posted again in three (3) conspicuous places in the City of Bacoor where petitioner resides, at least thirty (30) days prior to the scheduled hearing.

SO ORDERED.

Bacoor City, Cavite. 07 July 2026.

**ROMANO M. DIAZ**
Presiding Judge

Copy Furnished:

**Atty. NATHANIEL C. DE LEON**
Counsel for the Petitioner
B58 L1, Town and Country West, Molino 3, Bacoor City, Cavite
Email: ncdeleonlaw@gmail.com

Hon. RAM BAUTISTA REVILLA
Petitioner
No. 305 General Aguinaldo Highway, P.F. Espiritu 5,
Bacoor City

**PHILIPPINE STATISTICS AUTHORITY**
PSA Complex, East Ave., Quezon City
crs.qvu@psa.gov.ph

**OFFICE OF THE SOLICITOR GENERAL**
134 Amorsolo Street, Legazpi Village, Makati City
Email: efile@osg.gov.ph; efsongcuya@osg.gov.ph

**OFFICE OF THE CITY PROSECUTOR OF BACOOR**
3/F Old City Hall, DOJ, Bacoor City, Cavite 4102
Email: ocpbaco
or@doj.gov.ph/fultonkenneth74@gmail.com

**LOCAL CIVIL REGISTRAR OF BACOOR CITY**
Ground Floor, Bacoor Government Center
Molino Boulevard, Bacoor City

**LOCAL CIVIL REGISTRAR OF MAKATI CITY**
3rd Floor, Makati City Hall Main Building
J.P. Rizal St., Poblacion, Makati City

**PAHAYAGAN NG KABITENYO**
**JULY 27, AUGUST 3 & 10, 2026**

# Solar Lights Ipinamahagi sa Barangay Amaya 7 sa Kabila ng Maulang Panahon



TANZA, Cavite — Sa kabila ng maulang panahon, personal na ipinamahagi ni Mayor Archangelo "SM" Matro ang mga solar lights sa Barangay Amaya 7 bilang bahagi ng patuloy na programa ng Pamahalaang Bayan ng Tanza na naglalayong mapahusay ang seguridad at kaligtasan ng mga residente.

Nakiisa sa aktibidad sina Barangay Captain Eduard Toledo at Angel Langit sa pamamahagi ng mga solar lights na inaasahang makatutulong sa pagpapailaw ng mga lansangan at pampublikong lugar sa barangay, lalo na sa gabi at sa mga lugar na limitado ang suplay ng kuryente.

Ayon sa lokal na pamahalaan, ang proyekto ay bahagi ng patuloy na pagsisikap nitong magbigay ng mas ligtas at maayos na kapaligiran sa mga komunidad sa pamamagitan ng paggamit ng renewable energy na makatutulong din sa pagtitipid sa konsumo ng kuryente.

Patuloy na isinusulong ng Pamahalaang Bayan ng Tanza ang mga programang nakatuon sa kapakanan ng mamamayan, kabilang ang pagpapalawak ng mga serbisyong nagpapalakas sa kaligtasan, kaayusan, at kalidad ng pamumuhay sa iba't ibang barangay ng bayan.






**Republic of the Philippines**
**Fourth Judicial Region**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**AND EX-OFFICIO SHERIFF**
**Dasmariñas City, Cavite**

**BANK OF THE PHILIPPINE ISLANDS,**
Petitioner / Mortgagee,
-versus-
**MARIA ANALY A. CALZADO a.k.a. Maria Analy Agustin Calzado married to JEFFREY A. CALZADO a.k.a. Jeffrey Abueg Calzado,**
Respondents / Mortgagors / Borrowers

**File No. FC-DC-2163 - 26**
**For: Extra-Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage under Act No. 3135 as amended by Act No. 4118**
X—-----------------------------------------X

**NOTICE OF SHERIFF'S SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act No.3135, as amended by Act No. 4118 filed by the petitioner/mortgagee, **BANK OF THE PHILIPPINE ISLANDS,** with postal address at BPI Buendia Center, 27TH Floor BPI Buendia Center Building, 372 Sen. Gil Puyat Avenue, Brgy. Bel-Air, Makati City 1209 against the respondents / mortgagors / borrowers, **MARIA ANALY A. CALZADO a.k.a. Maria Analy Agustin Calzado married to JEFFREY A. CALZADO a.k.a. Jeffrey Abueg Calzado,** with postal address at 87F Angelo St., N.S. Amoranto, La Loma, Quezon City; Lot 8 Blk. 7, Phase 1, Roseville Subdivision, Amuntay Road, Brgy. Zone III, Pob Dasmariñas City, Cavite; 92 Angelo St., N.S. Amoranto La Loma, Quezon City, and for the satisfaction of the mortgaged debt which as of 19 June 2026 amounts to FOUR MILLION FIVE HUNDRED THIRTY THOUSAND EIGHT HUNDRED SEVENTY THREE PESOS & 68/100 (Php 4,530,873.68) exclusive of legal fees and expenses incidental for this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **September 4, 2026 at 10:00 o'clock in the morning** or soon thereafter at the Ground Floor Lobby, Dasmariñas Community Affairs (DASCA) Building, Congressional Road, Brgy. Burol 2, Damariñas City, Province of Cavite to the highest bidder and for CASH or CERTIFIED CHECK, in Philippine Currency, the following described real property together with all the buildings and other improvements existing thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE**
**No. 057-2024045319**

IT IS HEREBY CERTIFIED that certain land situated in Brgy. Langkaan, Municipality of Dasmariñas, Province of Cavite, Island of Luzon, bounded and described as follows:

A parcel of land (Lot 8 Blk 7 of the consol. subd. plan, PCS-04-024464, being a portion of Lot 6321-B-4, (LRC) PSD-287937 & Lot 6650-A, PSD-04-177887, LRC Rec. No. 8843), situated in the Brgy. of Langkaan, Mun. of Dasmariñas, Prov. of Cavite, Island of Luzon. Bounded on the SW., along line 1-2 by Road Lot 2 (8.00 m. wide); on the NW., along line 2-3 by Lot 7, Blk. 7, both of the consol. subd. plan; on the NE., along line 3-4 by Lot 6321-A, (LRC) PSD-285619; and on the SE., along line 4-1 by Lot 9, Bik. 7, of the consol. subd. plan. Beginning at point marked "1" on plan being S. 62 Deg. 21'W., 648.34 m. from MON. No. 149, Imus Estate; Thence N. 79 Deg. 54'W., 10.81 m. to point 2; Thence N. 9 Deg. 52'E., 14.00 m. to point 3; Thence S. 79 Deg. 54'E., 10.87 m. to point 4; Thence S. 10 Deg. 06'W., 14.00 m. to the point of beginning, containing an area of **ONE HUNDRED FIFTY TWO (152) SQ. METERS.** All points referred to are indicated on the plan and are marked on the ground by P.S., CYL. CONC. MONS 15x40 cm; Bearings true; Date of original survey July 27, 1905 to June 11, 1903 and that of the consol. subd. survey, January 3-5, 2007 and was approved July 29, 2008.

Prospective buyers and/or bidders are hereby enjoined to investigate for themselves the title of the said real property and the encumbrance thereon, if there be any.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the publication auction should not take place on the said date and time, it shall
be held on September 18, 2026 at the same time and place without further notice.

Dasmariñas City, Province of Cavite, July 29, 2026.

**GERALD A. FARGAS**
Sheriff IV

**ATTY. MARCELA BAYBA**
Clerk of Court VI & Ex-Officio Sheriff

PUBLICATION: "**Pahayagan ng Kabitenyo**"
DATES: **AUGUST 3, 10 & 17, 2026**
Raffle Date of Judical Notices: July 24, 2026

Copy furnished:

**Bank of the Philippine Islands**
BPI Buendia Center, 27TH Floor BPI Buendia Center Bidg.,
372 Sen. Gil Puyat Avenue, Brgy. Bel-Air, Makati City 1209

**MARIA ANALY A. CALZADO a.k.a.**
**Maria Analy Agustin Calzado married to**
**JEFFREY A. CALZADO a.k.a. Jeffrey Abueg Calzado**
87F Angelo St., N.S. Amoranto, La Loma, Quezon City

Lot 8 Blk. 7, Phase 1, Roseville Subdivision,
Amuntay Road, Brgy. Zone III, Pob Dasmariñas City, Cavite

92 Angelo St., N.S. Amoranto, La Loma, Quezon City

Notice Posted at:

1. The Bulletin Board of Regional Trial CourtDasmariñas City, Cavite
2. The Bulletin Board of Dasmariñas City Hall
3. The Bulletin Board of Dasmariñas City Post Office
4. The Bulletin Board of Damariñas City Public Market

**EXTRAJUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE SPS. NUMERIANO FIJER AND CATALINA MIGUEL FIJER WITH ABSOLUTE DEED OF SALE OF REAL PROPERTY**

NOTICE is hereby given that the estate of the late **SPS. NUMERIANO FIJER AND CATALINA MIGUEL FIJER,** who died on June 24, 2003 at Mendez, Cavite and May 9, 2004 at Mendez, Cavite, that the spouses died intestate and without any known debts and obligation, that the said deceased left us part of their estate of parcel of residential land situated at Banayad, Mendez, Cavite covered by Tax Declaration No. 14-0015-00017 containing an area of 0.4598 square meters more or less, and was Extra-Judicially Settled among the legal heirs of the said deceased in the said instrument, executed on 5th day of December 2022 and ratified before Notary Public Atty. Gervacio B. Ortiz Jr., under Doc. No. 232, Page No. 46, Book No. XXXII, Series of 2022.

**PAHAYAGAN NG KABITENYO**
**JULY 20, 27 & AUGUST 3, 2026**

**EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF THE DECEASED OF BRANDO AQUINO MAMITAG VEHICLE (TOYOTA INNOVA) WITH WAIVER OF RIGHTS, SHARE AND INTEREST**

Notice is hereby given that the estate of the deceased **BRANDO AQUINO MAMITAG,** who died on April 01, 2021 in Bacoor Cavite, that the above-named deceased died intestate, without a Will or Testament and without any outstanding debts in favor of any person or entities, that the deceased left a vehicle which is more Particularly described as follows: Plate No. NEN2841, CHASIS NO. PA2JA8EM9K0067761, MAKE: TOYOTA, YEAR MODEL: 2019, ENGINE NO. 1GD0702075, BODY TYPE WAGON, SERIES: INNOVA 28 E DI, was the subject of this Extra-Judicial Settlement among the legal heirs of the said deceased in the said instrument, executed before a Notary Public Atty. Jerome G. Salazar under Doc. No. 168, Page No. 35, Book No. XXIV, Series of 2025.

**PAHAYAGAN NG KABITENYO**
**JULY 20, 27 & AUGUST 3, 2026**




# Fish Processing Facility, Pormal na Ipinagkaloob sa Bayan ng Tanza




TANZA, Cavite — Pormal na isinagawa noong Hulyo 30, 2026 ang Turnover Ceremony ng Fish Processing Facility na may temang "Empowering Communities Through Sustainable Fisheries and Livelihood Development," bilang bahagi ng patuloy na pagsusulong ng mga programang pangkabuhayan at pagpapaunlad ng sektor ng pangisdaan sa bayan.

Ang bagong pasilidad ay ipinagkaloob ng Philippine Reclamation Authority (PRA) sa pamamagitan ng Pasay Harbor City Corporation (PHCC) bilang service provider nito. Samantala, ang mga pintura, tiles, at iba pang kinakailangang kagamitan sa loob ng pasilidad ay ibinigay ng Pamahalaang Bayan ng Tanza bilang suporta sa proyekto.

Nakiisa sa turnover ceremony ang Municipal Agriculture's Office at si Konsehal Kap. Anet Bocalan upang ipakita ang kanilang suporta at pasasalamat sa mga ahensiya at katuwang na nagbigay-daan sa pagkakaroon ng pasilidad na inaasahang makatutulong sa pagpapalakas ng kabuhayan ng mga mangingisda at fish processors sa bayan.

Inaasahang magsisilbing mahalagang sentro ang Fish Processing Facility sa pagpapahusay ng kalidad at halaga ng mga produktong pangisdaan, habang lumilikha ng mas maraming oportunidad sa kabuhayan at nagsusulong ng napapanatiling pag-unlad para sa mga komunidad na umaasa sa industriya ng pangingisda sa Tanza.

DUGONG ALAY, DUGTONG BUHAY